

# ARALING SAGISAG KULTURA

**Grade 6**

Culture-based Lesson Exemplar in  
MSEP-Sining

---

Pagtuturo ng Sining sa pamamagitan ng  
Pagpapakilala sa Vinta bilang  
Sagisag Kultura ng Lungsod ng Zamboanga

ni **SALVADOR M. PATRICIO**

## PANIMULA

**A**ng lesson exemplar na ito sa Musika, Sining, at Edukasyon sa Pagpapalakas ng Katawan (MSEP) - Sining VI ay nagpapakilala ng araling nakabatay sa kultura.

Ginamit dito ang *vinta* na isang sagisag kultura ng lungsod ng Zamboanga bilang pangkalahatang paksa. Mula sa *vinta*, maipapakilala ang mga elemento ng sining tulad ng linya, hugis, at kulay. Ang kabuuang aralin na ginamitan din ng iba pang simbolong pangkultura ng lungsod bilang kagamitang pampagtuturo ay aabot nang isang linggo ngunit dahil sa nakalaaan o nakaiskedyul lamang sa mga araw ng Miyerkules at Huwebes ang pagtuturo ng asignaturang Sining (o depende sa kung anong araw mas mainam para sa guro ang pagtuturo), ito ay maaaring umabot nang higit pa sa isang linggo.

Upang higit na makamtam ng mga mag-aaral ang konkretong aral o karunungan tungkol sa paksa, maliban sa aralin sa loob ng klase, bahagi rin ng exemplar ang lakbay-aral sa museo at iba pang lugar sa lungsod bilang karagdang gawain. (Kaya pinapayuhan ang guro na makipag-ugnayan na sa mga kinaukulan ng nasabing bibisatahing lugar upang maging maayos ang gagawing lakbay-aral.)

Ang iba't ibang estratehiya ng pagtuturo na ginamit sa kabuuang aralin ay magsisilbing pagganyak upang mapukaw ang kaisipan ng mga mag-aaral at mahikayat silang makibahagi, makisalamuha, at makipagtalakayan sa iba.

## I. Pangkalahatang Layunin

Pagkatapos ng isang linggo, inaasahan na makakamit ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang ang mga sumusunod na layunin na may 80% na pagkatuto.

1. Nakikilala ang vinta bilang sagisag kultura ng lungsod ng Zamboanga
2. Natutukoy ang kahalagahan ng vinta bilang pangunahing transportasyong panghanapbuhay ng mga katutubong Muslim, lumad, at Kristiyano ng lungsod ng Zamboanga
3. Nakalikha ng maikling tula tungkol sa vinta
4. Nagagamit ang katangian ng vinta upang maipaliwanag ang mga araling may kinalaman sa elemento ng sining tulad ng linya, hugis, at kulay
5. Nakikilala ang iba pang sagisag kultura at likas na produkto na nagpapakilala sa lungsod ng Zamboanga
6. Nasasabi ang kahalagahan ng lakbay-aral sa National Museum-Zamboanga at sa mga karatig na barangay na may pagawaan ng vinta sa higit pang pag-unawa sa kahalagahan ng vinta
7. Nakakasulat ng talata tungkol sa mga natutuhang aral kaugnay ng vinta
8. Nakakabuo ng modelo o replika ng vinta na yari sa lokal na kagamitan na makikita sa pamayanan o kapaligiran

## II. Paksa: Vinta

### Sanggunian

2010 PELC Sining VI, I A-1-3.3 pp. 2-4, Sining sa Araw-Araw 6 pp. 4-12, Umawit at Gumuhit 6 pp. 101-118

### Mga Kagamitan

#### Mga Awitin:

- “Bangka sa may Ilog” (BSP Song)  
Video clip ng “Iisang Bangka” ng The Dawn at “Baleleng” (Mula sa YouTube)
- Video Clip ng Regatta (Courtesy of LGU Office of City Tourism)
- Mga larawan ng vinta at replika ng vinta (Personal Collection at Google Images)
- Sari-saring makukulay na halaman, dahon at bulaklak, at mga bagay-bagay na panghalili sa krayola, illustration board
- Kagamitrang pansining (gunting, bond paper, lapis, ruler, krayola,

pastel, atbp.), laptop, speaker, at lcd projector (Maaaring gamitin ang E-Classroom)

- Para sa EPP: sand paper at gunting (Paalala: Nakakasugat, pagtutok o gabay ng guro ay kinakailangan)  
Tandaan: Maaaring gumupit ng larawan ng mga gagamitin sa araling ito kapag hindi posible ang laptop at LCD projector.

### **Pagpapahalaga/Values Integration**

1. Pagpapahalaga at pagmamalaki sa kulturang Filipino(lalao na sa awitin at sining)
2. Pagkamakabayan/Pagtangkilik sa musikang Filipino
3. Pagiging malikhain at maparaan
4. Pagpapahalaga sa kapaligiran/kalikasan
5. Pagkamaparaan

### **Subject Integration**

MSEP-Musika, HEKASI, Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP), EPP, Filipino

## UNANG ARAW

### Mga Layunin

- Nakikilala sa vinta bilang sagisag kultura o “cultural icon” ng lungsod ng Zamboanga
- Natutukoy ang kahalagahan ng vinta bilang pangunahing transportasyong panghanapbuhay ng mga katutubong Muslim, lumad, at Kristiyano ng lungsod ng Zamboanga
- Nakalikha ng maikling tula tungkol sa vinta

### Mga Kagamitan

Laptop, LCD projector, speaker, o maaaring gamitin ang E-Classroom

## III. Pamamaraan:

### A. PANIMULANG GAWAIN (PAKIKINIG AT PAGSASALITA)

1. Pag-awit (Integrasyon sa Musika)
  - Pakikinig at pag-awit sa awiting “Bangka sa May Ilog”
2. Pagganyak
  - Pagtatanong tungkol sa awitin
    - Tungkol saan ang awitin? Ano ang kahalagahan nito?
    - Nakakita na ba kayo ng bangka? Sino ang gumagamit nito?
    - Ano pa ang ibang tawag sa bangka? Mas kilala itong vinta sa lokal na wika.

### B. PANLINANG NA GAWAIN

1. Paglalahad:
  - Ipapanood ang video clip ng Regatta na isa sa mga inaabangang palatuntunan sa pagdiriwang ng “Hermosa Festival”
2. Pagtalakay:
  - Saang bahagi ng Hermosa Festival ipinapakita ang mga vinta?
  - Ano ang tawag sa palatuntunang mayroong karera ng mga vinta? (Regatta)
  - Sa tingin ninyo, bakit naisali ang regatta bilang isa sa mahahalagang aktibidad ng pista? (Maraming gumagamit ng vinta sa lungsod/vinta ang nagpapakilala sa lungsod)

3. Pangkatang Gawain
  - Pagpangkatin sa lima ang buong klase
  - Bigyan ang bawat pangkat ng tig-iisang larawan ng vinta at ipagawa ang sumusunod:
    - a. Tukuyin at talakayin ang mahahalagang gamit ng vinta sa tao
    - b. Iulat sa klase sa loob ng tatlong minuto ang nabuong gawain sa pamamagitan ng pagsasadula o dula-dulaan, sayawit, o iba pang malikhaing gawain
4. Pagsasagawa o pagtatanghal
  - Magpapakitang-gilas ang bawat pangkat sa nabuo nilang gawain

### C. PABUBUO/PAGLALAHAT

- Magmumula sa mga bata ang paliwanag kung bakit mahalaga ang vinta sa tao at sa lungsod at kung bakit napabilang sa Hermosa Festival ang regatta.

Ang vinta ay kilala bilang sagisag kultura ng lungsod ng Zamboanga sapagkat inilalarawan nito ang pangunahing hanapbuhay ng mga katutubong Muslim, lumad, at Kristiyano. Sumasalamin din ito sa mayamang kasaysayan ng mga sinaunang tao sa lungsod. Ito ay mahalagang transportasyon para sa mga mangingisda. Ang matinkad na kulay ng layag ng vinta ang siyang lalong nagbibigay ganda rito. Ito rin ang isa sa mga dahilan kung bakit nakakaakit ng maraming turista, lokal at dayuhan ang lungsod ng Zamboanga. Dahil dito, naisali bilang isa sa mga tampok na gawain sa selebrasyon ng Hermosa Festival ang regatta o karera ng mga vinta.



Photo by Kara Santos,  
www.yellowpages.com

### D. PAGGAMIT/PAGTATAYA

Bubunot ang bawat lider ng grupo ng isang maliit na nakarolyong papel na naglalaman ng mga tanong. Sino man sa mga kasapi ng grupo ay maaaring sumagot.

#### Mga Tanong:

1. Dapat bang ipagmalaki ang vinta? Bakit?
2. Bilang isang anak ng mangingisda, paano mo pangangalagaan ang iyong vinta?
3. Bilang mamamayan ng lungsod ng Zamboanga, ano ang iyong gagawin kung sakaling ipagbawal ng pamahalaan o ng pribadong sektor ang paglalayag ng

vinta sa karagatan ng lungsod?

4. Ikakahiya mo ba ang pagkakaroon ng isang vinta kung nalaman ng mga kaklase mo na meron kayo nito? Bakit?
5. Gaano kahalaga ang vinta sa kultura ng mga mamamayan ng Zamboanga?
6. Sino ang dapat magpapatuloy sa nakaugaliang gawain tulad ng regatta ng Hermosa Festival?

#### IV. PAGBIBIGAY HALAGA: (PAGSULAT - PAGSASANIBSA FILIPINO)

Gabayan ang mga bata sa pagsulat ng isang maikling tula tungkol sa vinta.

##### Rubric 1. Gabay para sa pagbibigay ng puntos sa mga nabuong tula

Mga Batayan	Mga Katumbas na Puntos		
	5	3	2
<b>Bilang ng Saknong</b>	May tatlo o higit pang saknong ang tula	May dalawang saknong ang tula	May isang saknong lang ang tula
<b>Diin ng Nilalaman</b>	10	7	5
	Malinaw na nabanggit ang kahalagahan ng vinta	Hindi gaanong malinaw ang pagbanggit sa kahalagahan ng vinta	Walang nabanggit na kahalagahan ng vinta
<b>Ganda ng Pagkabuo ng mga taludtod o linya (may tugma)</b>	5	3	2
	Lahat ng huling salita sa bawat taludtod ay magkatunog	Hindi lahat ng huling salita sa bawat taludtod ay magkatunog	Walang huling salita na magkatunog

#### V. TAKDANG-ARALIN/KASUNDUAN

Magsaliksik sa silid-aklatan o sa internet tungkol sa iba pang lugar na gumagamit o gumagawa ng vinta. Sabihin ang pagkakaiba at pagkakatulad nito sa vinta ng Zamboanga. Isulat ito sa inyong kuwaderno.

## IKALAWANG ARAW

### Layunin

Nagagamit ang katangian ng vinta upang maipaliwanag ang mga araling may kinalaman sa elemento ng sining tulad ng linya, hugis, at kulay

### Mga Kagamitan

Laptop, LCD projector, speaker, o maaaring gamitin ang E-Classroom, limang iba't ibang larawan ng vinta

## III. Pamamaraan

### A. PANIMULANG GAWAIN


1. Presentasyong Multimedia (Follow-up Input)  
(Integrasyon sa EsP-Pagkamakabayan sa pamamagitan ng pagmamalaki at pagtataguyod sa mga awiting Filipino o OPM)
  - Ipapanood ang video ng “Lisang Bangka” ng The Dawn
  - Bigyang-diin na ang bangka ay naging kasangkapan sa pagbuo ng matibay na pagkakaibigan.
  - Ipagmalaki ang bandang The Dawn bilang tagapagtaguyod ng OPM o Original Pilipino Music
2. Pagwawasto ng Takdang-Aralin
  - Tatawag ng dalawa o tatlong mag-aaral para basahin sa klase ang kanilang nasaliksik tungkol sa vinta sa ibang lungsod.
  - Pagpasa ng mga kuwaderno
3. Balik-Aral
  - Sino ang makapaglalahad ng mahahalagang kaisipang natutuhan natin kahapon tungkol sa vinta?

### B. PANLINANG NA GAWAIN

1. Paglalahad
  - Bibigyan ng guro ang bawat nabuong pangkat sa unang araw ng iba't ibang larawan ng vinta.
  - Ipapaskel ng bawat pangkat ang kanilang larawan ng vinta sa iba't ibang sulok ng silid-aralan.



- Sa pagsasagawa ng estratehiyang “shop and milling,” pupuntahan ng bawat kasapi ng pangkat ang nakapaskel na larawan ng vinta ng iba’t ibang pangkat at susuriin ang mga elemento ng sining na napag-aralan nila sa ikaapat at ikalimang baitang na bumubuo sa pangkalahatang larawan ng vinta.

Photo courtesy of [www.polyvore.com](http://www.polyvore.com)Photo courtesy of [www.skyscraper.com](http://www.skyscraper.com)Photo by [rheasan.deviantart.com](http://rheasan.deviantart.com)[www.pacific-tall-ships.com](http://www.pacific-tall-ships.com)


### C. PAGTALAKAY

Sa gabay ng guro, ilalahad ng bawat pangkat ang kanilang gawain. Maaaring masagot sa bawat pagsusuri ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

- Mga uri ng linya na bumubuo sa bawat larawan ng vinta.
- Mga uri ng hugis na bumubuo sa bawat bahagi ng vinta.
- Iba’t ibang kulay na bumubuo sa larawan ng vinta.

### D. KARAGDAGANG GAWAIN: (PAGLALARO)

Punan ng mga mag-aaral ang graphic organizer na ukol sa mga elemento ng sining. Bubunot ang guro ng pangalan ng kasapi ng bawat pangkat. Ang unang matatawag ay siyang guguhit o magdidikit sa loob ng kahon ng makikitang bagay sa loob ng silid-aralan at ang susunod na matatawag ang siyang magbibigay ng pangalan ng elemento. Uulitin ang proseso hanggang sa mailahad na lahat ang bawat elemento ng sining.



### E. PAGBUBUO/PAGLALAHAT:

Dapat manggaling sa mag-aaral ang pagbubuod ng kaisipan batay sa nabuong grapiks at base na rin sa mga nalikom na mga bagay-bagay.

**F. PAGGAMIT/PAGSASANAY:**

Maghanap sa labas ng silid-aralan ng mga bagay-bagay na may representasyon o paglalarawan ng tatlong elemento ng sining.



**Hanayan 2**

Bagay	Hugis	Linya	Kulay
Hal.: Dahon	Bilog, Mahaba	Pakurba, tuwid	Berde

**IV. PAGBIBIGAY-HALAGA:****Hanayan 3**

Buuin ang talahanayan gamit ang mga natural o konkretong bagay.

Tunay na Bagay	Linya	Hugis	Kulay
 <p>Malong Photo by Sandi Martin</p>			
 <p>Gong Photo courtesy of www. Journalstar.com</p>			

 <p><b>Lokot-lokot</b> Photo courtesy of <a href="http://www.choosephilippines.com">www.choosephilippines.com</a></p>			
 <p><b>banig</b> Photo courtesy of <a href="http://www.panaylakbay.com">www.panaylakbay.com</a></p>			

## V. TAKDANG-ARALIN

1. Magsaliksik tungkol sa banig na obra ng mga Badjao at suriin ang mga uri ng linya, hugis, at kulay na nakapaloob sa pangkalahatang produkto. Kilalanin din ang bantog na tagahabi ng banig.
  - Paalala: Dalhin ang mga kagamitang pansining (art materials) bukas.

## IKATLONG ARAW

### Mga Layunin:

1. Nakikilala ang iba pang sagisag kultura at likas na produkto na nagpapakilala ng lungsod ng Zamboanga
2. Nagagamit ang katangian ng vinta upang maipaliwanag ang mga araling may kinalaman sa elemento ng sining tulad ng linya, hugis, at kulay
  - Napag-iisa ang kaalaman tungkol sa guhit-tagpuan, malawak sa paningin, tatlong dimensiyong lawak, at sentro ng kawilihan sa gagawing sining.
  - Nakakalikha ng sining o obra gamit ang vinta bilang sentro ng kawiliha

**Mga Kagamitan:** laptop, LCD projector, kagamitang pansining

## III. Pamamaraan

### A. PANIMULANG GAWAIN

1. Balik-aral
  - Sa pamamagitan ng visual presentation o power point, ipakita ng guro ang iba't ibang produkto, lugar, o gusali na likas o tanyag sa lungsod ng Zamboanga at pagkatapos ay tatawag ng mag-aaral upang suriin ang hugis, linya, at kulay nito.

#### Mga Ipapakita:



**Fort Pilar** (Photo courtesy of [www.ambot-ah.com](http://www.ambot-ah.com) aahah.comchoosephilippines.com)



**Sta. Cruz Island** (Photo courtesy of [www.journeyingjames.com](http://www.journeyingjames.com))



**Curacha** (Photo courtesy of [www.traveling-up.com](http://www.traveling-up.com))



**Pasonanca-Tree House** (Photo courtesy of [www.zamboanga.com](http://www.zamboanga.com))



**Pulong Bato** (Photo courtesy of [www.misadventuresoftintin.com](http://www.misadventuresoftintin.com))



**Sardinas** (Photo courtesy of [www.zamboanga.net](http://www.zamboanga.net) aahah.comchoosephilippines.com)

## B. PAGLALAHAD

Magpaskil ng dalawang  $\frac{1}{4}$  illustration board sa pisara. Ang isa ay nagpapakita ng balangkas samantala ang isa naman ay may buong detalye ng isang tanawin.

- Pagsasanib ng konsepto ng malawak sa paningin, guhit-tagpuan o horizon, at tatlong dimensiyong lawak na napag-aralan sa ikalimang baitang.




Photo courtesy of [www.cookbooks.ca.com](http://www.cookbooks.ca.com)

## C. PAGTATALAKAY

- Paghambingin ang larawang A at B
- Talakayin ang konsepto ng malawak sa paningin at horizon na mapapansin sa larawang A at B
- Gawing batayan ang larawang B sa pagbuo ng mga mag-aaral ng kanilang sining tungkol sa pagpapalawak ng paningin gamit ang mga konsepto ng linya at hugis na natutuhan.

## D. PANSINING NA GAWAIN

(Gamitin ang vinta bilang sentro ng kawilihan)

1. Pagdedemo ng Guro
  - Dapat nakatuon ang pansin ng mga bata sa ginagawa ng guro
2. Pagsasagawa ng indibidwal na sining
  - Gabayan ng guro ang mga mag-aaral sa kanilang gawain.

**Rubric 2. Gabay sa pagbibigay ng marka sa mga nagawang likhang-sining**

Mga Batayan	Mga Katumbas na Puntos		
Kaangkupan ng Konsepto	9	7	5
	Naipapakita ang buod ng konsepto sa vinta, linya at hugis	Hindi gaanong naipapakita ang buod ng konsepto sa vinta, linya at hugis	Maliit na bahagdan ng buod ng konsepto sa vinta, linya at hugis ang naipakita
Orihinalidad	7	5	3
	Maganda at natatangi ang nabuong sining	Maganda ngunit may kahalintulad ang nabuong sining	Halos walang pinagkaiba sa mga nabuong sining
Kalinisan	4	3	2
	Malinis at Walang bahid ng pagbura at di- kanais-nais na marka	Malinis ngunit may mga nakikitang di- kanais-nais na marka	Kapansin-pansin ang di- kanais-nais na marka

**IV. PAGBIBIGAY-HALAGA**

- Ipapaskil sa pisara ang mga nalikhang sining, at pagkatapos, sa gabay ng guro, tatawagin ang mag-aaral at papipiliin ng isang sining na nakaakit sa kaniya at gamit ang Rubrics, susuriin niya ang napili niyang sining at ipapaliwanag kung bakit niya ito napili.
- Pagkatapos ng pagbibigay ng mga mag-aaral ng kani-kaniyang pagpapahalaga sa napag-aralan, magbibigay rin ng buod ang guro upang lalo itong maunawaan.
- Itatago ng guro ang mga gawang-sining ng mga mag-aaral at ipapakitang muli kinabukasan para sa isa na namang gawain.

## V. TAKDANG-ARALIN

Maghanap ng mga likas o natural at konkretong bagay na maaaring pagmulan ng iba't ibang kulay na panghalili sa krayola.

- Halimbawa: uling-itim, gumamela-pula



Photo courtesy of [www.sntpost.stii.dost.gov.ph](http://www.sntpost.stii.dost.gov.ph)



Photo courtesy of [www.flickr.com](http://www.flickr.com)



## IKAAPAT NA ARAW

### Layunin

1. Nagagamit ang katangian ng vinta upang maipaliwanag ang mga araling may kinalaman sa elemento ng sining tulad ng linya, hugis, at kulay
  - Nakikilala ang complimentary harmony
  - Nakukulayan ang nagawang obra gamit ang mga bagay-bagay bilang panghalili sa krayola

### Mga Kagamitan

larawan ng color wheel, kagamitang pansining, materyales para sa puzzle, mga bagay-bagay na panghalili sa krayola

## III. Pamamaraan

### A. PANIMULANG GAWAIN

#### 1. Laro (Mix and Match Puzzle)

- Maghanda ng makukulay na hugis. (Depende sa dami ng mag-aaral.)
- Gupitin sa apat na bahagi ang mga hugis ayon sa pattern mo at ilagay sa kahon.
- Pabunutin ang bawat mag-aaral ng isang bahagi, at pagkatapos, sa senyas ng guro ay hahanapin nila ang apat na bahagi upang mabuo ang isang hugis.
- Dito ay makakabuo sila ng isang pangkat na ang mga miyembro ay may magkakaparehong kulay at hugis.
- Sa senyas muli ng guro, maghahanap ang isang pangkat ng ibang pangkat na may ibang kulay na sa tingin nila ay maaari nilang pakibagayan (Papasok ang konseptong complementary colors)

#### 2. Balik-aral

- Ipaskil sa pisara ang larawan ng color wheel at pag-usapan kung paano nabuo ang mga kulay rito.




Photo courtesy of [www.iconshut.com](http://www.iconshut.com)

## B. PAGLALAHAD

Ipaskil muli sa pisara ang larawan ng vinta at bigyang pansin ang layag nito.



Photo courtesy of [www.mb.com.ph](http://www.mb.com.ph)

## C. PAGTALAKAY (PASALITA)

Pag-usapan ang mga kulay na makikita sa layag at ibase ito sa larawan ng color wheel. Maaaring itanong ang mga sumusunod:

1. Ano-ano ang mga kulay ng layag?
2. Magbigay ng kulay na makikita mo sa color wheel.
3. Ano-anong magkasalungat na mga kulay sa color wheel ang makikita mo sa layag?
4. Ano nga ba ang tawag sa mga kulay na magkasalungat sa color wheel? (complementary colors)
5. Bakit kaya ito tinawag na complementary?
6. Ano ba ang kalalabasan kapag ginamit mo ang complementary colors sa iyong obra o likhang sining?

## D. PAGBUBUO/PAGLALAHAT

Ipaunawa sa mga bata ang dapat nilang tandaan tungkol sa complementary colors.

- **Tandaan:** Ang complementary colors o magkabagay na mga kulay ay ang dalawang magkasalungat na kulay sa color wheel; ang isa ay galing sa pangkat ng maiinit na kulay at ang isa ay mula sa pangkat ng malalamig.

## E. PAGGAMIT (Laro: Paghahanap sa Kapareha)

- Bubunot ng kulay ang bawat mag-aaral. (Mga kulay lamang na makikita sa color wheel ang nakasulat sa maliit na nirolyong papel)
- Sa senyas na complement, hahanapin ng bawat mag-aaral ang kanilang partner o iyong may hawak ng kulay na bubuo ng complementary colors.
- Ang unang limang kapareha ang tatanghaling panalo. (Maaari ring magbigay ng insentibong puntos.)

## F. KARAGDAGANG GAWAING PANSINING

(Integrasyon sa Musika at HEKASI-Kultura – Pag-aalala at pagmamalaki sa awiting “Baleleng” bilang isang sagisag kultura ng Mindanao)

- Gabay sa pagkatuto sa konsepto ng magkabagay na mga kulay, ipagawa ang likhang sining sa pamamagitan ng pagkukulay ng layag ng kanilang naiguhit na vinta at iba pang espasyo sa obra.
  - ▶ Pansinin na wala pang kulay ang mga likhang-sining.
  - ▶ Habang kinukulayan ang mga likhang-sining gamit ang mga natural na bagay bilang panghalili sa krayola, ipaparining sa mga mag-aaral ang awiting “Baleleng” (Isa itong awiting mabagal at malungkot tungkol sa isang lalaking naglalayag at namamaalam sa kaniyang iniibig dahil aalis siyá ng Sitangcay papuntang Sibutu hábang nangangakong magbabalik muli.)
  - ▶ Sa gitnang bahagi ng gawain, sa loob ng ilang minuto habang hawak-hawak ang kanilang obra, ipipikit nila ang kanilang mga mata at iisipin na sila mismo ay naglalayag gamit ang kanilang naiguhit na vinta.

### Rubric 3. Gabay sa pagbibigay ng puntos para sa pagkukulay ng naiguhit na vinta.

Mga Batayan	Mga Katumbas na Puntos		
	9	7	5
Kawastuhan ng paggamit ng magkabagay na mga kulay	Ang mga kulay na ginamit ay naaangkop sa konsepto ng magkabagay na mga kulay	Hindi lahat ng kulay na ginamit ay naaangkop sa konsepto ng magkabagay na mga kulay	Hindi sumunod sa konsepto ng magkabagay na mga kulay
Kagamitang ginamit o pinanghalili	Lahat ng ginamit na kulay ay kahalili lamang ng krayola at nagmula sa mga bagay-bagay sa paligid	Hindi lahat ng ginamit na kulay ay kahalili ng krayola at nagmula sa mga bagay-bagay sa paligid	Walang ginamit na kahaliling bagay, lahat ng ginamit ay krayola

	4	3	2
Kabuuang Kinalabasan at Kalinisan	Matingkad at natatangi, malinis at walang bahid ng di- kanais-nais na kulay, o di lumalampas sa linya ang kinulayan	Hindi katingkaran at halata ang pagkakahawig sa iba, malinis ngunit may mga nakikitang di-kanais-nais na kulay at may kaunting lampas sa linya ang kinulayan	Mapusyaw at kapansin-pansin ang di- wastong paggamit ng kulay

#### IV. Pagbibigay-Halaga

- Magpapalitan ng natapos na likhang-sining ang bawat dalawang mag-aaral at susuriin ang kaniya-kaniyang gawain.
- Itatala sa kuwaderno ang mga kulay na ginamit sa sining na nagpapahiwatig ng magkabagay na mga kulay.

#### V. Takdang-Aralin

Magtala ng mga pamantayan na isasaalang-alang sa gagawing lakbay-aral sa National Museum at karatig barangay na may pagawaan ng vinta.

## IKALIMANG ARAW

### Layunin

Naisasagawa ang lakbay-aral nang ligtas at nakakapagtala ng mga mahahalagang detalye tungkol sa vinta sa pamamagitan ng panayam, pagkuha ng larawan o video

### Mga Kagamitan

Panulat at papel/kuwaderno, tape recorder o cellular phone na may voice recorder, digital camera o iba pang katumbas na gamit

## III. Pamamaraan:

### A. PANIMULANG GAWAIN

1. Paghahanda sa gagawing lakbay-aral
  - Pagpapangkat – bumuo ng pangkat na may tiglilimang kasapi. Pumili ng lider/tagapanayam, kalihim, tagakuha ng larawan, at tagapag-ulat ng bawat grupo.
2. Pagtatakda ng Pamantayan
  - Ipaalala ang mga dapat at di-dapat gawin habang naglalakbay-aral.

### B. PAGBIBIGAY NG MGA PANGKATANG GAWAIN

1. Magtala ng mahahalagang impormasyon o detalye tungkol sa nakadispley o nakaeksibit na mga vinta sa museo.
2. Kunan ng larawan, idokumento, at kapanayamin ang mga taong gumamgawa ng vinta sa lugar na bibisitahin.

### C. LAKBAY-ARAL (SA LABAS NG KAMPUS)

## **IKAANIM NA ARAW (PAGPAPATULOY SA GINAWANG LAKBAY-ARAL)**

### **Mga Layunin**

1. Nasasabi ang kahalagahan ng lakbay-aral sa National Museum-Zamboanga at sa mga karatig na barangay na may pagawaan ng vinta sa higit pang pag-unawa sa kahalagahan ng vinta
2. Nakakasulat ng talata tungkol sa mga natutuhang aral sa kabuuang paksa tungkol sa vinta
3. Nakakabuo ng modelo o replika ng vinta na yari sa lokal na kagamitan na makikita sa pamayanan o kapaligiran

### **Mga Kagamitan**

sulating pangwakas, para sa proyekto: sand paper, gunting, mga patapong bagay tulad ng putol-putol na tela, kahoy, gamit panahi, iba't ibang kulay ng latex na pitura at brush.

### **D. PAG-UULAT (SILID-ARALAN)**

Mag-uulat ang bawat lider ng pangkat tungkol sa kanilang nakalap na impormasyon patungkol sa vinta.

## **IV. Pagbibigay-Halaga:**

1. Pagsasalita (Ebalwasyon ng Lakbay-Aral)
  - Ipaliwanag ang kahalagahan ng lakbay-aral
  - Ano-ano ang natutuhan sa ginawang lakbay-aral
  - Ibahagi sa klase ang mga naging karanasan sa paglalakbay-aral at ang mga natutuhan ninyo mula rito.
  - Sa katatapos na paglalakbay-aral, anong magandang pag-uugali ang nabuo sa inyong sarili?
2. Pagsulat(Gamit ang sulating pangwakas - pagsasanib sa Filipino)
  - Sumulat ng maikling talata tungkol sa natutuhan ninyo sa aralin tungkol sa vinta sa loob ng isang linggo. Pamagatan itong "Mga Natutuhan Ko Tungkol sa Vinta"

## V. Takdang-Aralin

- Pagtatakda ng Proyekto (Pagsasanib sa EPP- Hands-on Project/Likhang-kamay)
  - ▶ Gumawa ng replika ng vinta gamit ang mga bagay-bagay na makikita sa kapaligiran
  - ▶ Gawin ito sa loob ng silid-aralan sa susunod na tatlong araw
  - ▶ Gamitin ang rubric bilang batayan sa pagbibigay ng puntos sa natapos na proyekto

### Rubric 4. Batayan sa pagbibigay ng puntos sa natapos na proyekto

Mga Batayan	Mga Katumbas na Bahagyan		
	9	7	5
Kagamitang Ginamit	Lahat ng ginamit na kagamitan ay yari sa mga patapon o natural na bagay	Hindi Lahat ng ginamit na kagamitan ay yari sa mga patapon o natural na bagay	Halatang bago o binili ang mga kagamitang ginamit sa proyekto
Pagkamalikhain	7	5	3
	Maganda at natatangi ang proyekto	Maganda ngunit may kahalintulad ang proyekto	Simple lamang ang nagawang proyekto
Kaugalian sa Paggawa	4	3	2
	Nagpakita ng sipag at tiyaga sa ginawang proyekto	Hindi gaanong nagpakita ng sipag at tiyaga sa ginawang proyekto	Walang naipakitang sipag at tiyaga sa ginawang proyekto

- Sa pamamagitan ng eksibit sa paaralan, idisplay ang mga nagawang proyekto (replika ng vinta)
- Kapag naibenta ang nasabing proyekto, maaari itong pagkakitaan (aralin tungkol sa kooperatiba)

## PAGBUBUOD

Ang lesson exemplar na ito sa MSEP-Sining VI ay naglalaman ng mga araling nakabatay sa kultura. Ginamit ang vinta na isa sa mga tanyag na sagisag kultura ng lungsod ng Zamboanga bilang paksa na siyang nagpakilala sa mga konseptong may kinalaman sa elemento ng sining tulad ng linya, hugis, at kulay. Ginamit din ang paksang vinta para ipakilala sa mga mag-aaral ang kahalagahan nito sa tao, lalo na ang kahalagahan nitong ekonomiko sa mga katutubo. Dinisenyo ang exemplar na ito para maipaalam sa mga mag-aaral at guro na maaaring gamitin ang isang lokal na bagay bilang paksa sa pagtuklas ng mga mahahalagang konsepto o aralin. Ginamit din ang iba pang kagamitang lokal o sagisag kulturang nagpapakilala sa lungsod ng Zamboanga bilang mga kagamitang pangturo nang sa gayo'y higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang kultura at kasaysayan. Ito rin ang magiging daan upang mapahalagahan ng mga mag-aaral ang kanilang personal at pambansang pagkakakilanlan na siya namang maging matibay na sandata upang maisabuhay at maipalaganap pa nang husto ang kinagisnang kultura na unti-unti nang nakakalimutan at naisasantabi.


Ang lesson exemplar na ito ay isang napakahalagang instrumento sa pagtuklas ng mga mag-aaral sa kabuluhan ng kaniyang kultura. Naglalaman din ito ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng sining at mga rubrics na magiging gabay ng guro sa pagbibigay ng angkop na ebalwasyon sa mga nabuong obra o proyekto. Inaasahang tutulong ang mga ito sa guro at sa mga mag-aaral na makamit ang inaasahang pagkatuto.

Ang lesson exemplar na ito ay nabuo sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa nilalaman ng kurikulum at sa malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura bilang batayan ng higit na pagkatuto sa asignaturang MSEP-Sining VI.



# APPENDIX





Hanayan 1



Hanayan 2

Bagay	Hugis	Linya	Kulay
Hal.: Dahon	Bilog, Mahaba	Pakurba, tuwid	Berde

## Hanayan 3

Tunay na Bagay	Linya	Hugis	Kulay
 <p data-bbox="235 539 333 570">Malong</p>			
 <p data-bbox="249 805 319 836">Gong</p>			
 <p data-bbox="212 1034 352 1066">Lokot-lokot</p>			
 <p data-bbox="249 1256 319 1287">banig</p>			

**Pagkilala:**

Internet: Google Images at YouTube

Pamahalaang Panlungsod ng Zamboanga – Office of the City Tourism

**S**alvador Morados Patricio graduated Bachelor in Elementary Education with specialization in Music, Arts, and Physical Education at Western Mindanao State University, 2002. He completed Academic Requirements in Master of Arts in Education major in Educational Administration at the same university, 2010. As a privileged scholar of National Commission for Culture and the Arts (NCCA), he completed the Graduate Diploma in Cultural Education in 2013 at the same university.

He was the founding President of the Baliwasan District Society of Art Teachers (BDSAT) and the first to establish and initiate the conduct of ARTS FAIR in the Division of Zamboanga City. He was the National Winner of NCCA's 2nd Diwang Sagisag-Kultura CULTURE-BASED LESSON EXEMPLAR that promotes local cultural icon.